Maghanda para sa Baha

ANG ILANG MGA SIMPLENG AKSYON AY MAAARING MAGLIGTAS NG BUHAY

Ang iyong lokal na panganib sa baha

Ang Hawkesbury-Nepean Valley ay may mahabang kasaysayan ng pagbaha.

Kapag may malakas na pag-ulan, ang tubig ay dumadaloy pababa sa limang pangunahing ilog patungo sa binabahang kapatagan (floodplain). Mabagal makarating ang baha sa karagatan dahil sa humigit-kumulang 80 kilometro ng makitid na bangin mula Ebenezer hanggang Spencer. Nangangahulugan ito na ang tubig-baha ay maaaring bumalik pataas at mabilis tumaas, na magdudulot ng malawak, malalim at mapanganib na mga baha.

May mga nakatagong panganib sa tubig-baha tulad ng mga basura, mga kable ng kuryente, mga sanhi ng polusyon at dumi sa alkantarilya. Kapag may baha, maaaring maputol ang mga tulay, isara ang mga kalsada, magambala ang mga ruta ng pampublikong sasakyan, mawalan ng kuryente at maputol ang mga koneksyon sa mobile phone at internet.

Mahalaga para sa lahat ng naninirahan sa binabahang kapatagan na maging handa. Para sa karagdagang impormasyon tingnan ang **www.myfloodrisk.nsw.gov.au**

Paano maghahanda sa baha

✓ **Alamin kung saan makakakuha ng mga bagong impormasyon at mga babala**

- Bureau of Meteorology para sa pinakahuling impormasyon tungkol sa lokal na panahon
- NSW State Emergency Service (NSW SES) para sa impormasyon tungkol sa mga pagbaha at bagyo
- ABC Radio bilang opisyal na tagapagbalita sa emerhensya

✓ **Maghanda ng 'Get Ready to Go' Kit**

Ano ang iiimpake:

1. Mga bagay sa pangangalagang pangkalusugan tulad ng mga gamot at mga reseta
2. Mga kopya ng iyong mahahalagang dokumento (mga kopyang papel o nakaimbak nang digital)
3. Mahahalagang bagay at mga bagay na may alaala
4. Mahahalagang numero ng telepono
5. Radyo, flashlight, mga charger ng telepono at mga baterya
6. Damit at personal na mga gamit

✓ **Gumawa ng plano para sa paglikas**

Alamin kung saan ka pupunta, kung paano ka makakarating doon, anong mga ruta ng paglikas ang maaari mong daanan, kung ano ang gagawin mo sa iyong mga hayop, at kung paano mo pamamahalaan ang iyong kalusugan

✓ **Ibahagi ang iyong plano**

Kausapin ang iyong mga kamag-anak, kaibigan, at kapitbahay tungkol sa iyong gagawin kung kailangan mong lumikas

Ano ang gagawin kung bumaha

Sundin ang Payo sa Baha at mga Babala ng Emerhensya ng NSW SES

- Makinig sa inyong lokal na istasyon ng radyo ng ABC para sa pinakabagong impormasyon at payo tungkol sa baha
- Sundin ang payo ng NSW SES. Kung sasabihan kang lumikas, huwag maghintay hanggang huli na ang lahat

Dalhin ang iyong 'Get Ready to Go' Kit

- Dapat nakalagay dito ang iyong mga gamot, reseta at anumang kagamitang pang-alalay

Dalhin ang iyong mga hayop

- Talian ang mga ito o ilagay sa mga mabibitbit na hawla
- Magdala ng pagkain, gamot at mga dokumento sa pagrehistro/ pagbabakuna

Alamin kung saan ka pupunta

- Sundin ang payo sa mga paglikas at tingnan ang live na impormasyon sa trapiko
- Pumunta sa mga kamag-anak o mga kaibigan na nasa labas ng binabahang kapatagan kung magagawa mo
- Ang mga opisyal na sentro ng paglikas ay iaanunsyo sa oras ng emerhensya

Bantayan ang isa't isa

Magbahagi ng impormasyon sa pamilya, mga kaibigan, at mga kapitbahay. Tulungan ang bawat isa lalo na ang mga taong nangangailangan ng alalay.

Saan makakahanap ng impormasyon

Mga kapaki-pakinabang na website na mabibisita at mga app ng telepono na mada-download

- Lokal na mga update sa panahon: **www.bom.gov.au** at Bureau of Meteorology app
- Lokal na ABC Radio frequency: **https://reception.abc.net.au** at ABC Listen app
- Mga pinakabagong impormasyon sa baha at bagyo: **www.ses.nsw.gov.au** **www.facebook.com.au/NSW.SES**
- Magplano para sa iyong mga hayop: **www.getreadyanimals.nsw.gov.au**
- Live na impormasyon sa trapiko: **www.livetraffic.com** at Live Traffic app

Kailangan mo ba ng tulong?

Para sa pang-emerhensyang tulong sa baha tawagan ang NSW SES sa 132 500

Para sa lahat ng emerhensyang nagbabanta sa buhay, tumawag sa 000

- SMS ng may kapansanan sa pandinig/pananalita SMS NRS: 0423 677 767
- Internet Relay: **https://internet-relay.nrscall.gov.au**
- Kung ikaw ay walang tirahan (homeless), tawagan ang **Link2Home** sa **1800 152 152**
- Kung kailangan ng interpreter, maaaring kumuha ang mga serbisyong pang-emerhensya ng mga serbisyo sa pagsasalinwika

Ang aking mga importanteng matatawagan

Sino ang kailangan mong kontakin sa isang emerhensya?

(hal. contact sa emerhensya, mga kamag-anak, mga kaibigan, doktor, parmasyutiko, tagapag-alaga, suportang manggagawa, Link2Home)

Pangalan: ..... **Telepono:** .....

Pangalan: ..... **Telepono:** .....

Pangalan: ..... **Telepono:** .....

Pangalan: ..... **Telepono:** .....

Pangalan: ..... **Telepono:** .....

Ang aking checklist

Ako ay handa na dahil:

	✓
Alam ko kung saan makakahanap ng impormasyon tulad ng mga pinakabagong ulat sa panahon, mga babala at payo	☐
Alam ko kung saan ako pupunta para lumikas at kung paano ako makakarating doon	☐
Alam ko kung ano ang dadalhin ko	☐
Kinausap ko ang aking mga kasama sa bahay tungkol sa aming gagawin kung kailangan naming lumikas	☐
Mayroon akong plano para mapanatiling ligtas ang aking mga hayop	☐
Alam ko kung paano ko pamamahalaan ang aking kalusugan	☐
Ibinahagi ko ang aking plano sa mga kamag-anak, mga kaibigan at mga kapitbahay	☐
Nakahanda na ang listahan ng aking mga importanteng numero	☐